Republika ng Pilipinas
(Republic of the Philippines)
MINISTRI NG EDUKASYON AT KULTURA
(MINISTRY OF EDUCATION AND CULTURE)
Maynila

Enero 7, 1981

MEMORANDUM PANGMINISTRI
Blg. 4, s. 1981

GAWAING-KAPULUNGAN SA MABISANG PAGPAPAHAYAG SA WIKANG PILIPINO

Para Sa: Mga Direktor ng Kawanihan
Mga Direktor ng Ahensiyang Pangkultura
Mga Director Panrehiyon
Mga Pinuno ng Lahat ng Kawanihan/Sangay
Mga Tagapamanihala
Mga Pangulo at Pinuno ng mga Pribado at Pampublikong Paaralan, Kolehiyo at Unibersidad

1. Sa layuning mabisang maipatupad ang Memorandum Pangministri Blg. 174, s. 1980, ang lahat ng Direktor ng Kawanihan, mga Direktor ng Ahensiyang Pangkultura, mga Direktor Panrehiyon, mga Pinuno ng lahat ng Kawanihan/Sangay, mga Tagapamanihala, mga Panguló at Pinuno ng mga pribado't pampublikong paaralan, kolehiyo at unibersidad ay pinapayuhang magpadala ng mga opisyal o kawaning tumutulong sa paghahanda ng mga burador ng mga komunikasyon at transaksiyong opisyal at nag-aaproba ng mga ito sa Gawaing-Kapulungan sa "Mabisang Pagpapahayag sa Wikang Pilipino" sa pagtutulungan ng Sentro ng Pagsasanay ng MEK at ng Surian ng Wikang Pambansa ayon sa kalakip na disenyo ng pagsasanay.

2. Ang Gawaing-Kapulungang ito'y magiging isang malawakan at patuloy na programa na sasaklaw sa lahat ng tauhan o opisyal na may kinalaman sa paghahanda at/o pag-aaproba ng mga burador ng mga komunikasyon at transaksiyong opisyal hindi lamang sa Tanggapang Sentral kundi pati sa mga tanggapang panrehiyon. Sa Tanggapang Sentral ang gawaing-kapulunga'y sisimulan sa Enero 15 hanggang Mayo 26, 1981 at sa mga tanggapang panrehiyon ang simula nama'y sa Hunyo 15 hanggang sa Nobyembre 21, 1981.

3. Kalakip nito ang iskedyul ng gawaing-kapulungan, programa ng mga gawain at iba pang detalyeng kakailanganin.

4. Ang butaw sa kapulungan ay sandaa't walumpung piso (₱180) bawat kalahok. Magiging panagot ito sa mga gastos para sa mga kit, kagamitan, isnak at iba pang guguling insidental. Ang kaukulang gugol sa transportasyon at per diem ay maaaring singilin sa pondong lokal na sasailalim ng kaugaliang mga tuntunin sa pagtutuos at pag-aawdit.

5. Inaasahang madaling makararating sa mga kinauukulan ang mga nilalaman ng Memorandum na ito para sa isang kagyat at mabisang pagpapatupad.

(LGD.) ONOFRE D. CORPUZ
Minister ng Edukasyon at Kultura

Mga Kalakip:
Gaya ng nasasaad

Sanggunian:
Memorandum Pangministri (Blg. 174, s. 1980)

Pamumudmod: 1-2-3-4--(D.O. 1-76)

Ilalagay sa Pamalagiang Talatuntunan sa ilalim ng sumusunod na paksa:

BUREAUS & OFFICES
CORRESPONDENCE
LANGUAGE
RULES & REGULATIONS
TEACHERS

(Inklosyur sa Memorandum Pangministri, Bilang 4, s. 1981)

# DISENYO NG PAGSASANAY

## Rationale

Kalabisan nang sabihin pa na ang mga pinuno at kawani ng Ministri ng Edukasyon at Kultura ay kinikilalang batis na mapagkukunan ng karunungang maaring ilipat ng tao sa kapwa tao. Tayo ang inaasahang tagahubog ng ating mga kapwa Pilipino lalo na ang mga kabataan. Malaki ang ating komitment para sa wastong pagpapalaganap ng karunungan sa sistemang bilinggwal.

Dahil dito'y napapanahon na upang ang pamumuno sa paggamit ng ating sariling wika'y ating pasimulan lalo't aalagataing ang mga iba't ibang ministri ay matagal nang nakapagseminar sa paggamit ng korespondensiya opisyal sa kanilang mga tanggapan. Sa paraang ito tayo'y lalong mapapalapit sa isa't isa, madaling magkakaintindihan, at mabilis na mabibigkis tungo sa ikapagtatagumpay ng ating Ministri at sa ikauunlad ng ating bansa.

Ang Gawaing-Kapulungan para sa "Mabisang pagpapahayag sa Wikang Pilipino" na gaganapin sa buong Ministring ito ay isang pagsasaalang-alang sa ating polisang bilinggwal at matalinong pagtalima sa simulaing idineklara ng Pangulong Marcos:" . . . nais kong masaksihan ang mga naghahawak ng katungkulan, mula sa mga kagawad ng gabinete hanggang sa mga nagsisipamatnugot ng baranggay ay magsimula nang gumamit ng Pilipino . ."

## Layunin

Panlahat

-Magamit ang wikang Pilipino bilang kasangkapan sa pambansang pagkakaisa't pagpapaunlad

Tiyak

-Pagkatapos ng 74 na oras na gawaing-kapulungan sa mabisang pagpapahayag sa wikang Pilipino, inaasahang ang 75% ng mga partisipant ay makatutugon nang kasiyasiya sa mga sumusunod na layunin nang may 75% kawastuan, kabisaan at/o pagpapahalaga:

1) Makapagpapahalaga sa mga elemento/salik/sangkap ng mabisang pagpapahayag sa wikang Pilipino

2) Makapagsasalin sa wikang Pilipino ng mga katawagang pampamahalaan lalo na ng mga salita't pariralang may kaugnayan sa kanilang tungkulin sa tanggapan;

3) Makapagpapahayag sa wikang Pilipino (pasalita at pasulat)

4) Makasusulat sa wikang Pilipino ng iba't ibang uri ng mga liham pampamahalaan o transaksiyong opisyal

Nilalaman ng Kurso

Nahahati ang kursong ito sa dalawang bahagi. Ang unang bahagi ay ang teoretikal at ang pangalawang bahagi ay ang praktikum. Ang teoretikal ay gaganapin tuwing umaga mula ika-8:30 ng umaga hanggang ika-12:00 ng tanghali sa pamamagitan ng mga ekspertong tagapanayam at bihasang pasiliteytor. Ang ikalawang bahagi ay isasagawa sa kani-kaniyang tanggapan o sangay, mula 1:00 hanggang ika-3:00 ng hapon.

Ang programa ng mga gawain ay napapaloob sa inklosyur na ito ng Memorandum Pangministri.

Istratehiya ng Pagsasanay

Ang labindalawang araw na gawaing-kapulungan ay kapapalooban ng mga panayam, tanunga't sagutan at paliwa-hagan, na gaganapin tuwing umaga at ang hapon nama'y iuukol ng mga partisipant para sa kanilang praktikum na ibibigay ng mga tagapanayam/kasangguni/pasiliteytor.

Ang mga partisipant ay maghaharap ng kanilang mga gawaing pampraktikum sa susunod na araw para mapag-usapan, mabigyan ng puna o maiwasto.

Ang mga panayam ng mga piniling makaranasan at bihasang tagapanayam ang pagbabatayan ng mga gawaing pam-praktikum.

Upang maging husto ang kaalamang hinahangad matamo may mga babasahing kaugnay ng mga panayam sa bawat paksa na ibibigay sa partisipant.

Programa ng mga Gawain

(Pakitingnan po sa kalakip na pahina).

Lugar na Pagdarausan

(Pakitingnan po sa kalakip na pahina).

Mga Partisipant

Ang mga kalahok ay bubuuin ng mga pinuno, pangalawang pinuno, puno at mga kawaning tumutulong sa paghahanda at/o pag-aaproba ng mga komunikasyon at transaksiyong opisyal sa Ministri ng Edukasyon at Kultura.

Sa panig ng pangasiwaan ng pagsasanay na pinangungu-nahan ng pangkalahatang tagapag-ugnay (Trinidad C. Leal)

mula sa Sentro ng Pagsasanay, MEK at pinangangalawahan ng puno ng Sangay ng Promosyon, SWP (Pamfilo G. Catacataca) narito ang mga pangalan ng mga dadalo:

| Katulong sa Pangangasiwa | Sekretariat |
|---|---|
| 1. Leticia Abulencia | 1. Luz Mojica |
| 2. Julieta Sarmiento | 2. Lourdes Talan |
| 3. Teresita Cortes | 3. Aniceta Olivar |
| 4. Amparo Cruz | 4. Virginia Garcia |
| 5. Purita Leonardo | 5. Teresita Tomagan |

Panghalili

1. Oscar Garcia
2. Eden Mojica
3. Ines Pagulayan

Pagpapahalaga

Ang programa ng pagsasanay ay pahahalagahan batay sa mga kakayahang pasalita at/o pasulat gayundin ng resulta ng mga gawaing pampraktikum, pagsubok at pagsusulit.

Pagkilala

Ang katibayan sa paglahok sa Gawaing-Kapulungan ito'y ipagkakaloob sa partisipant na kasiyasiyang nakatapos ng kurso at gumagamit ng wikang Pilipino ayon sa mga hinihingi ng nabanggit na kapulungan.

Monitoring

Dalawang buwan matapos ang Gawaing-Kapulungan ang bawat partisipant na nakatapos ng kurso'y magpapadala ng 2-pahinang report na pasalaysay na nagbibigay-diin sa mga kabutihang dulot ng pagsasagawa ng mg kabutihang nakuha sa mga aralin sa mga kurso at mga suliraning dulot, kung mayroon. Ipadadala rin niya ang kumpletong ulat tungkol sa "echo seminar" na isinagawa niya, kung nagkaroon.

Ang report ay ipadadala sa Tanggapan ng Minister, c/o Sentro ng Pagsasanay, MEK, Maynila.

Hinggil sa Butaw na ₱180.00

Ipinaaalala na ito'y dapat ipadala sa pangalan ng MEC Training Center, Arroceros, Manila.

# ISKEDYUL

| PETSA | LUGAR | MGA PARTISIPANT |
|---|---|---|
| Enero 12-27, 1981 | Sentro ng Pagsasanay ng MEK | Mga Klerk |
| Pebrero 9-24, 1981 | Sentro ng Pagsasanay ng MEK | Mga Klerk at Tagamakinilya |
| Marso 9-24, 1981 | Sentro ng Pagsasanay ng MEK | Mga Puno ng mga Seksiyon |
| Abril 20 - Mayo 6, 1981 | Sentro ng Pagsasanay ng MEK | Mga Pangalawang Puno ng Sangay |
| Mayo 11-26, 1981 | Sentro ng Pagsasanay ng MEK | Mga Puno ng Sangay |
| Hunyo 15-27, 1981 | RISEC, Aringay La Union | Mga Pinuno ng Rehiyon I at II |
| Hulyo 6-18, 1981 | Pambansang Mataas na Paaralan ng Palawan, Lunsod ng Puerto Princesa | Mga Pinuno ng Rehiyon III, IV at NCR |
| Agosto 3-15, 1981 | Tanggapang Pansangay Lunsod ng Ormoc | Mga Pinuno ng Rehiyon V at VIII |
| Setyembre 7-19, 1981 | Tanggapang Panrehiyon Lunsod ng Bacolod | Mga Pinuno ng Rehiyon VI at VII |
| Oktubre 5-17, 1981 | Tanggapang Panrehiyon Lunsod ng Zamboanga | Mga Pinuno ng Rehiyon IX at XII |
| Nobyembre 9-21, 1981 | Tanggapang Panrehiyon Lunsod ng Davao | Mga Pinuno ng Rehiyon X at XI |

PROGRAMA NG MGA GAWAIN PARA SA GAWAING-KAPULUNGAN SA MABISANG PAGPAPAHAYAG
SA WIKANG PILIPINO SA TANGGAPANG SENTRAL AT PANREHIYON NG MEK
(ENERO 15 - NOBYEMBRE 21, 1981)

| | UNANG ARAW | IKA-2 ARAW | IKA-3 ARAW | IKA-4 NA ARAW |
|---|---|---|---|---|
| 7:30 - 8:15 | P A G P A P A T A L A | | | |
| 8:15 - 8:30 | PAMBUNGAD NA PALATUNTUNAN | | | |
| 8:30 - 9:00 | Ang Wikang Pilipino Para sa Pambansang Pagkakaisa't Pagpapaunlad | Maikling Pagsubok | Maikling Pagsubok | Maikling Pagsubok |
| 9:00 - 10:00 | Malayang Talakayan | Iba Pang Salik/Sangkap Para sa Mabisang Pag-papahayag (Pagpapaunlad ng Katauhan) | Pagsasalingwika | Mabisang Pagpapahayag na Pasulat |
| 10:00 - 10:30 | R I S E S | | | |
| 10:30 - 11:30 | Mga Salik/Sangkap Para sa Mabisang Pagpapahayag na Pasalita | Pagpapatuloy ng Panayam | Pagpapatuloy ng Panayam | Pagpapatuloy ng Panayam |
| 11:30 - 12:00 | Malayang Talakayan | Malayang Talakayan | Malayang Talakayan | Malayang Talakayan |
| 12:00 - 1:00 | ORAS NG TANGHALIAN | | | |
| 1:00 - 3:00 | PRAKTIKUM | PRAKTIKUM | PRAKTIKUM | PRAKTIKUM |

| | IKA-5 ARAW | IKA-6 NA ARAW | IKA-7 ARAW | IKA-8 ARAW |
|---|---|---|---|---|
| 8:15-8:30 | P A M B U N G A D N A P A L A T U N T U N A N | | | |
| 8:30 - 9:00 | Korespondensiya Opisyal | Pagpapatuloy ng Panayam | Maikling Pagsubok | Pagpapatuloy ng Panayam |
| 9:00 - 10:00 | Pagpapatuloy ng Panayam | | Iba pang Korespondensiyang Pan-loob Tanggapan | |
| 10:00 - 10:30 | R I S E S | | | |
| 10:30 - 12:00 | Malayang Talakayan | Malayang Talakayan | Malayang Talakayan | Malayang Talakayan |
| 12:00 - 1:00 | O R A S N G T A N G H A L I A N | | | |
| 1:00 - 3:00 | PRAKTIKUM | PRAKTIKUM | PRAKTIKUM | PRAKTIKUM |

| IKA-9 NA ARAW | IKA-10 ARAW | IKA-11 ARAW | IKA-12 ARAW |
|---|---|---|---|
| P A M B U N G A D N A P A L A T U N T U N A N | | | |
| Pagpapatuloy ng Panayam | Maikling Pagsubok<br><br>"Role Playing" | Pagpapatuloy ng Paggawa ng Proyek-tong Panggrupo<br><br>"Clearing House of Ideas" | Pagsusumite ng Proyektong Pinal/Naiwasto |
| R I S E S | | | |
| Malayang Talakayan | Pagsusulit (Ebalwasyon) | Presentasyon ng Proyekto at Pagpuna | Pampinid na Palatuntunan |
| O R A S N G T A N G H A L I A N | | | |
| PRAKTIKUM | Paggawa ng Proyektong Panggrupo | Pagwawasto o Pag-pipinid ng Proyekto | |